Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng mga Eleksyon

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Abril 19, 2022

Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon

Nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya?

Bumoto hanggang Abril 19!

Sa pangkalahatang eleksyon na gaganapin sa Abril 19, 2022, ang mga botanteng nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya (AD17) ay pipili sa pagitan ng dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto noong Pebrero 15, 2022 na primaryang eleksyon.

Padadalhan ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga botante ng balota sa koreo sa kalagitnaan ng Marso at magaalok din ng mga opsiyon sa pagboto nang personal bago o sa Araw ng Eleksyon.

Para sa halimbawang opisyal na balota, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa *sfelections.org*.

Mabilisang Gabay para sa Abril 19, 2022 na Eleksyon

Mga Highlights ng Eleksyon

- Ipadadala ang mga balota sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng rehistradong botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ng Estado. Nangangahulugan ito na maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang rehistradong botante sa halip na pumunta pa sa botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Maaaring ma-access ng sinumang botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ng Estado ang kanilang balota gamit ang Accessible na Sistemang Vote-by-Mail sa *sfelections.org/access*.
- Mayroong oportunidad na makaboto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall at sa mahigit 180 na lugar ng botohan.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga opsiyon sa pagboto, mangyaring buksan ang pahina 4 ng pamplet na ito.

Mga Mahahalagang Petsa

Marso 21
Magsisimulang dumating ang mga balota sa mailbox ng mga botante.
Magbubukas din ang Accessible na Sistemang Vote-by-Mail para sa lahat ng rehistradong botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ng Estado.
Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balota.
Magkakaroon ng 34 na opisyal na kahon na hulugan ng balota sa buong San Francisco.

Abril 4
Huling araw ng pagpaparehistro upang makaboto at makatanggap ng balota sa koreo.
Matapos ang Abril 4, maaari pa ring personal na magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan ang sinumang kuwalipikado na bumoto.

Abril 9–10 at Abril 16–17
Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon.
Ang mga oras para sa mga Sabado at Linggo ay mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.

ARAW NG ELEKSYON, Martes, Abril 19
Bukas ang lahat ng lugar ng botohan para sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail at sa pagboto nang personal mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Para mabilang, dapat mai-postmark bago o sa araw ng Abril 19 ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo, at ang mga balotang ibabalik nang personal ay dapat maihatid sa Sentro ng Botohan sa City Hall, sa kahon na hulugan ng balota o sa lugar ng botohan nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Abril 19.

Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan!

Kasalukuyang nag-rerecruit ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga manggagawa sa lugar ng botohan para magsilbi sa Hunyo at Nobyembre 2022 na mga eleksyon. Tumulong sa inyong komunidad at makatanggap ng sahod na aabot sa $240 para sa inyong serbisyo. Kasama sa mga responsibilidad ng mga manggagawa sa lugar ng botohan ang pagsasaayos ng mga lugar ng botohan at pagbubukas nang 7 a.m. para sa mga botante; pag-check in sa mga botante gamit ang mga listahan ng presinto at pag-iisyu sa mga balota; pagsasara ng mga botohan at paglilipat ng kustodiya ng mga materyales sa pagboto. Para mag-apply bilang manggagawa sa lugar ng botohan, bumisita sa *sfelections.org/pwa* o tumawag sa (415) 554-4395.

Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante
Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon — Abril 19, 2022

Pangkalahatang Impormasyon

Mahahalagang Petsa at Bagay Tungkol sa Eleksyon . . . . . (loob ng harap na pabalat)
Sulat mula sa Direktor 2
Pangkalahatang Buod ukol sa Opisyal na mga Mapagkukunan ng Impormasyon ng Botante 3
Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon) 3
Tumulong sa muling pagguhit ng mga boundary o hangganan ng Superbisoryal na Distrito ng San Francisco. 3
Mga Opsiyon sa Pagboto 4
Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo. 4
Bumoto nang Maaga sa Sentro ng Botohan sa City Hall 5
Bumoto sa Itinalaga para sa inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon 5
Mapa at Lokasyon ng mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco 6
Batas sa mga Karapatan Ng Botante 8
Katungkulan na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito 9
Pagmamarka sa Inyong Balota 10
Paano makakukuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo . 10
Tulong sa wikang Filipino 12
Libreng mga Klase sa Ingles. 12
Accessible na Pagboto at mga Serbisyo 13
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco 17
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Abril 19 Espesyal na Eleksyon. 17
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo). . 17
Mga Madalas Itanong (FAQs) tungkol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail 18
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal . 18
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro 19
Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod. 23
Panatilihing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante. 24
Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante. 24
Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan). 24
Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan . . . . . (loob ng harap na pabalat)
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon. . . . . (loob ng likod na pabalat)
Website ng Departamento ng mga Eleksyon. . . (likod na pabalat)
Address ng inyong lugar ng botohan . . . . . (likod na pabalat)

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Impormasyon tungkol sa kandidato at katungkulan. 9
Mga pag-endoso ng partido 9
Mga kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17 11

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* sa Abril 6 at 7.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC

Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS John Arntz, Direktor

Mahal na Botante ng San Francisco, Pebrero 28, 2022

Ang Abril 19 na Special General Election (Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon) ang magpapasya kung alin sa dalawang kandidato ang maglilingkod para sa Distrito 17 ng Asembleya ng Estado hanggang sa matapos ang kasalukuyang termino ng katungkulan sa unang bahagi ng Disyembre. Matapos ang eleksyong ito, magkakaroon din ang mga botante ng Distrito 17 ng Asembleya ng ganitong labanan sa balota para sa nalalapit na mga eleksyon sa Hunyo at Nobyembre.

Ang dahilan para sa dalawa o higit pang eleksyon para sa Distrito 17 ay ang pagkakabakante ng katungkulang ito noong Oktubre 2021, na nagresulta sa pagpapatawag ng Gobernador ngayong Abril ng pangkalahatang eleksyon (na nangailangan ng primaryang eleksyon noong Pebrero), at nang makapili ang mga botante ng indibidwal na maglilingkod para sa natitirang bahagi ng termino ng katungkulan. Pagpapasyahan ng mga eleksyon sa Hunyo at Nobyembre kung sino ang maglilingkod sa bagong termino ng katungkulan.

Gayon pa man, dahil nakompleto na ang muling pagdidistrito sa kabuuan ng estado, ang ilan sa botanteng kasalukuyang nasa Distrito 17 ng Asembleya ay boboto na sa Distrito 19 simula sa eleksyon sa Hunyo. Bisitahin ang aming website para sa mga mapa ng bagong mga hangganan o boundaries para sa mga Pang-asembleya at Kongresyonal na Distrito sa San Francisco: *sfelections.sfgov.org/maps*.

Pagsasauli ng Inyong Balotang Vote-by-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)
Kapag inihulog ninyo ang sobreng naglalaman ng inyong balota sa asul na kahon ng USPS, o sa letterbox, pakitiyak ang araw at petsa na kokolektahin ng USPS ang inyong balota. Ang dahilan nito ay ang pagbilang lamang ng Departamento ng mga balota na nasa sobreng may marka ng koreo bago ang, o sa petsa ng Araw ng Eleksyon, na Abril 19. Puwede ninyong mahanap ang pinakamalapit na kahon ng USPS at ang mga oras ng pagkuha sa *usps.com/locator*.

Simula Marso 21 at hanggang 8 p.m. ng Araw ng Eleksyon, magkakaloob ang Departamento ng 34 opisyal na drop box para sa balota sa mga komunidad sa kabuuan ng San Francisco. Sinumang botante ay maaaring piliin ang paggamit ng opisyal na drop box para sa balota sa pagsasauli ng kanyang nabotohan nang balota. Matatagpuan ninyo ang kinaroroonan ng mga drop box para sa balota sa pamplet na ito na nagbibigay ng impormasyon sa botante, at sa aming website, na *sfelections.org/ballotdropoff*.

Sa Araw ng Eleksyon, puwede rin ninyong isauli ang inyong nabotohan nang balota sa alinman sa 183 lugar ng botohan sa mga komunidad ng Lungsod, na bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Pagsubaybay sa Katayuan ng Inyong Balotang Vote-by-Mail
Puwedeng masubaybayan ng mga botante ang kani-kanilang balota habang dumaraan ang mga ito sa mga hakbang ng pagsasama-sama, paghahatid, pagpoproseso, at pagbibilang sa *sfelections.org/voterportal*. Puwede ring magpalista ang mga botante upang makatanggap ng abiso sa katayuan ng kanilang balota sa pamamagitan ng email, text, o voice message sa *wheresmyballot.sos.ca.gov*.

Sistemang Vote-by-Mail na Puwedeng Magamit Kahit mula sa Ibang Lugar
Simula sa Marso 21, magagamit na ng sinumang botante ang aksesibleng sistema na vote-by-mail (AVBM) ng Departamento sa *sfelections.org/access* at nang makuha at mamarkahan ang kanyang balota gamit ang sariling pantulong na teknolohiya. Matapos markahan ang AVBM na balota, kailangan i-print out ng botante ang balota, ilagay ito sa sobre, at isauli ang sobre ng balota sa Departamento ng mga Eleksyon.

Pagboto nang Personal o In-Person
Sa Marso 21, bubuksan ng Departamento ang Voting Center (Sentro ng Botohan) nito na matatagpuan sa loob ng City Hall, at magagamit ito ng lahat ng botante.

Bukas ang Voting Center mula Lunes hanggang Biyernes, nang 8 a.m. – 5 p.m., sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Abril 9–10, at Abril 16–17), 10 a.m. – 4 p.m., at sa Araw ng Eleksyon, Abril 19, 7 a.m. – 8 p.m. Paglilingkuran ng Voting Center ang lahat ng residente ng Lungsod na gustong bumoto nang personal, ihulog ang kanilang nabotohan nang balota, gumamit ng aksesibleng kagamitan sa pagboto, o, matapos ang Abril 4 na huling araw ng pagpaparehistro, probisyonal na magparehistro at bumoto.

Sa Araw ng Eleksyon, magbubukas ang mga lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at mga serbisyo para sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Nakasulat ang kinaroroonan ng inyong lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito.

Para sa iba pang impormasyon, tawagan ang Departamento sa (415) 554-4310, mag-email sa sfvote@sfgov.org, o bumisita sa *sfelections.org*.

Gumagalang,
John Arntz, Direktor

Pangkalahatang Buod ukol sa Opisyal na mga Mapagkukunan ng Impormasyon ng Botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inihanda ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang pamplet na ito nang may layuning magbigay ng hindi-makapartidong impormasyon ukol sa pagboto sa Abril 19, 2022, Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon. Bukod pa sa ibang impormasyon, nilalaman nitong Voter Information Pamphlet (VIP, o Pamplet ng Impormasyon para sa Botante) ang impormasyon tungkol sa mga lokal na kandidato. Kung nais ninyong makita ang inyong halimbawang balota, mangyaring tingnan ang Ingles na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante na ipinadala sa inyo.

Makukuha rin online ang VIP na ito sa mga format na PDF, HTML, o XML sa *sfelections.org/vip*. Makakukuha ng bersiyon na malaki ang pagkaka-imprenta kung hihilingin, tumawag lamang sa (415) 554-4310.

Nais ba ninyong makatipid ng papel? Alinsunod sa batas sa eleksyon, kailangang padalhan ng mga opisyal ng eleksyon ang lahat ng rehistradong botante ng naka-imprentang kopya ng pamplet, maliban na lang ang mga tumangging mapadalhan ng naka-imprentang kopya at ginusto ang elektronikong pagpapadala. Para piliin o tanggihan ang pagpapadala sa koreo ng naka-imprentang kopya ng pamplet, mangyaring isumite ang inyong kahilingan sa *sfelections.org/voterportal* o tumawag sa (415) 554-4310.

Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)

Ginagampanan ng Elections Commission ang pagiging awtoridad sa paggawa ng polisiya at sa pangangasiwa sa lahat ng pampubliko, pampederal, pang-estado, pandistrito at pang-munisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco. Naatasan ang Komisyon sa pagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon, at responsibilidad nito ang tamang pamamahala sa Departamento na sinasaklaw ng mga probisyon ng Tsarter ukol sa badyet at pinansiya. Ang kasalukuyang mga miyembro ng Komisyon para sa mga Eleksyon ay sina:

Lucy Bernholz, Presidente
itinalaga ng Treasurer (Tesorero)

Becca Chappell, Bise Presidente
itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

Charles Jung
itinalaga ng Mayor (Punong-bayan)

Cynthia Dai
itinalaga ng City Attorney (Abugado ng Lungsod)

Christopher Jerdonek
itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Bakante
itinalaga ng District Attorney (Abugado ng Distrito)

Bakante
itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Nangyayari na Ngayon! Tumulong sa muling pagguhit ng mga boundary o hangganan ng Superbisoryal na Distrito ng San Francisco!

Inaanyayahan ang mga miyembro ng publiko na magbigay ng kanilang komento at magsumite ng mga mungkahing mapa sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco, na sa ngayon ay pinag-aaralan ang mga bagong hangganan ng mga Superbisoryal na Distrito ng Lungsod.

Maaaring gamitin ng mga miyembro ng publiko ang Redistricting Tool (Kagamitan para sa Muling Pagdidistrito) na nasa *redrawmysf.publicredistricting.com* para gumuhit ng sarili nilang mga mapa at isumite ang mga ito sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito upang mapag-aralan.

Bumisita sa *sfelections.org/rdtf* upang malaman pa ang tungkol sa proseso ng muling pagdidistrito, magbigay ng opinyon tungkol sa mga iminungkahing mapa, tingnan ang iskedyul ng pagpupulong ng Task Force, o panuorin ang mga bidyo ng kanilang mga nakaraang pulong.

Noong huling bahagi ng 2021, kasunod ng paglabas ng datos ng 2020 U.S. Census Bureau (Kawanihan ng Senso ng Estados Unidos), binuo ng Mayor ng San Francisco, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at Elections Commission (Komisyon ng mga Eleksyon) ang may siyam (9) na miyembrong Task Force para sa Muling Pagdidistrito upang muling mabalanse ang bilang ng mga residenteng nakatira sa bawat Superbisoryal na Distrito ng Lungsod at muling iguhit ang mga hangganan ng Superbisoryal na distrito. Kailangang makompleto ng Task Force ang gawaing ito bago mag-Abril 15, 2022.

Mga Opsiyon sa Pagboto

Maaaring piliin ng mga botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya na bumoto sa Abril 19, 2022 na eleksyon sa **pamamagitan ng koreo** o **nang personal** sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Bandang Marso 21, padadalhan ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng rehistradong botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ng vote-by-mail (VBM) na pakete na naglalaman ng opisyal na balota, mga instruksiyon, "Bumoto Ako!" na sticker, at pambalik na sobre na bayad na ang selyo. Bubuksan din ng Departamento sa Marso 21 ang sistema ng aksesibleng vote-by-mail (AVBM), na may mga balotang nababasa sa screen na akma sa mga personal na aparatong pantulong, sa *sfelections.org/access*. Maaaring ma-access ng sinumang rehistradong botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ang kanilang balota sa pamamagitan ng sistemang AVBM.

Gumamit man kayo ng papel o aksesibleng balota, may tatlong hakbang na kailangan ninyong kompletuhin:

	Papel na Balotang Vote-by-Mail	Aksesible na Balotang Vote-by-Mail
1: Markahan ang inyong Balota	Basahin ang mga instruksiyon na naka-imprenta sa inyong balota bago kayo gumawa ng pagpili.	Pumunta sa *sfelections.org/access* para ma-access ang inyong balota at basahin ang mga online na instruksiyon bago kayo gumawa ng pagpili.
2: Ihanda ang inyong Sobre	Alisin ang resibo mula sa itaas ng inyong balota at ipasok ang balota sa loob ng pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang likod ng sobre, at isara ito nang mabuti.	I-print ang inyong balota at ipasok ito sa pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang likod ng sobre, at isara ito nang mabuti.
3: Ibalik ang inyong Balota	Para mabilang, kailangang malagyan ng postmark nang hindi lalagpas sa Araw ng Eleksyon, Abril 19, **ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo.** (Hindi na kailangan ng selyo kung ipadadala sa pamamagitan ng USPS.) Kung ipadadala ninyo ang inyong balota sa Araw ng Eleksyon, mangyaring tiyakin ang oras ng huling koleksyon — kung nangyari na ang huling koleksyon ng koreo, huli na ring malalagyan ng postmark ang inyong balota at hindi na ito mabibilang. Para mabilang, kailangan namang maihulog nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Abril 19 **ang mga balotang ibabalik nang direkta sa Departamento ng mga Eleksyon**. Mula Marso 21 hanggang Abril 19, maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, Abril 19, maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Sentro ng Botohan sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan sa Lungsod nang hindi lalagpas ng 8 p.m. Bilang bagong serbisyo na inilunsad sa unang bahagi ng taong ito, mag-aalok ang Departamento ng mga Eleksyon ng 34 na opisyal na kahon na hulugan ng balota sa buong Lungsod. Magbubukas nang 24 oras araw-araw ang mga kahon na hulugan simula Marso 21 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Abril 19. Ang mga kahon na hulugan ng balota na ito ay nagbibigay sa mga botante ng ligtas, aksesible, at walang kontak na paraan ng pagbalik ng kanilang balotang pang-koreo. May bandilang Amerikano at opisyal na tatak ng Lungsod at County ng San Francisco ang bawat kahon at may malinaw na marka na "Official Ballot Drop Box". Makikita sa pahina 6–7 ang mapa at listahan ng lokasyon ng mga kahon na hulugan ng balota. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga kahon na hulugan ng balota, pumunta sa *sfelections.org/ballotdropoff* o tumawag sa (415) 554-4310.	

Bumoto nang Maaga sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa lahat ng taga-San Francisco na nais magparehistro upang makaboto o bumoto nang personal, makagamit ng aksesibleng kagamitan sa pagboto, makatanggap ng personal na tulong, o magbalik ng kanilang balota:

- Lunes–Biyernes, mula Marso 21 hanggang Abril 18, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Huling dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Abril 9-10 at Abril 16-17), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Sa Araw ng Eleksyon, Martes, Abril 19, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Bumoto sa Itinalaga para sa inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

Mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Abril 19, magbubukas ang 183 lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at para sa mga serbisyo sa paghuhulog ng balota.

Maaaring nagbago na ang inyong lugar ng botohan para sa eleksyong ito! Tingnan ang address ng itinalaga para sa inyong lugar ng botohan, pati na rin ang impormasyon ukol sa aksesibilidad ng lugar, sa likod na pabalat ng pamplet na ito. Kung sakaling magbago ang itinalaga para sa inyong lugar ng botohan matapos ilimbag ang pamplet na ito, susubukan ng Departamento ng mga Eleksyon na bigyan kayo ng notipikasyon sa pamamagitan ng postcard at abiso na ipapaskil sa dati ninyong lugar ng botohan. Bago kayo bumoto sa Araw ng Eleksyon, maaari kayong bumisita sa *sfelections.org/MyVotingLocation* para kumpirmahin ang address ng inyong lugar ng botohan.

Mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco

Maaaring piliin ng sinumang botante na gumamit ng opisyal na kahon na hulugan ng balota sa San Francisco para ihulog ang kanilang balota o ang balota ng iba pang botante ng California na nagbigay sa kanila ng awtorisasyon para gawin iyon.

Matatagpuan sa labas ng mga gusali ang bawat kahon para sa balota at ilalagay ang mga ito sa lugar na madaling madaraanan ng lahat. Mayroon itong simpleng lusutan para sa pagdedeposito ng balota na pinosisyon nang humigit-kumulang sa 42 pulgada mula sa lupa, at nang masigurado na madali itong maaabot ng mga botanteng gumagamit ng wheelchair o ng iba pang kagamitan na pantulong sa paggalaw. Lahat ng abiso sa bawat kahon ay gagamit ng matitingkad at malalaki ang pagkaka-imprenta na letra na pininturahan sa paraan na hindi nakasisilaw sa mata at dinisenyo para madaling mabasa ng lahat ng botante. Mayroon din itong nakaumbok na instruksiyon sa Braille para gabayan ang mga botante na matukoy kung saan ang lokasyon ng siwang para sa pag-deposito ng balota. Naka-imprenta ang lahat ng instruksiyon sa Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese.

Mapa at Lokasyon ng mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco



Superbisoryal na Distrito	Kahon na Hulugan ng Balota	Lokasyon	Address
1	1	Cabrillo Playground	853 38th Ave
1	2	Richmond/Senator Milton Marks Branch Library	351 9th Ave
2	3	Golden Gate Valley Branch Library	1801 Green St
2	4	Presidio Branch Library	3150 Sacramento St
3	5	City College of San Francisco - Chinatown Center	808 Kearny St
3	6	Huntington Park	California St and Taylor St
3	7	North Beach Branch Library	850 Columbus Ave
4	8	Ortega Branch Library	3223 Ortega St
4	9	Parkside Branch Library	1200 Taraval St
4	10	Sunset Branch Library	1305 18th Ave
5	11	Park Branch Library	1833 Page St
5	12	Western Addition Branch Library	1550 Scott St
6	13	City College of San Francisco - Downtown Center	88 4th St
6	14	City Hall	1 Dr Carlton B Goodlett Pl
6	15	Father Alfred E. Boeddeker Park	246 Eddy St
6	16	Mission Bay Branch Library	960 4th St
6	17	Ship Shape Community Center	850 Avenue I
7	18	Forest Hill Station (Muni Metro)	380 Laguna Honda Blvd
7	19	Ingleside Branch Library	1298 Ocean Ave
7	20	Merced Branch Library	155 Winston Dr
8	21	Eureka Valley Recreation Center	100 Collingwood St
8	22	Glen Park Branch Library	2825 Diamond St
8	23	Harvey Milk Recreation Center	50 Scott St
8	24	Noe Valley/Sally Brunn Branch Library	451 Jersey St
9	25	Bernal Heights Branch Library	500 Cortland Ave
9	26	City College of San Francisco - Mission Center	1125 Valencia St
9	27	Portola Branch Library	380 Bacon St
10	28	Bayview/Linda Brooks-Burton Branch Library	5075 3rd St
10	29	Potrero Branch Library	1616 20th St
10	30	Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center	1001 Potrero Ave
10	31	Visitacion Valley Branch Library	201 Leland Ave
11	32	Crocker Amazon Playground	799 Moscow St
11	33	Excelsior Branch Library	4400 Mission St
11	34	Ocean View Branch Library	345 Randolph St

Batas sa mga Karapatan Ng Botante

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - hindi nakabilanggo para sa isang peloni
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
   Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan ng isang bagong balota; o
   Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan; o
   Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota, kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa *www.sos.ca.gov*
    - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
    - Sa mail sa *elections@sos.ca.gov*

Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Katungkulan na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

Miyembro ng State Assembly (Asembleya ng Estado), Distrito 17

Sa eleksyon na gaganapin sa Abril 19, 2022, ang mga botanteng nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ay pipili sa pagitan ng dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto noong Pebrero 15, 2022 na primaryang eleksyon, kung saan walang kandidato ang nakatanggap ng boto ng mayorya (50%+1).

Ang indibidwal na magsisilbi sa katungkulang ito ang siyang kakatawan sa mga botanteng naninirahan sa Distrito 17 ng Asembleya sa lehislatura ng California. Dalawang taon ang haba ng termino ng katungkulang ito, at kasalukuyang may suweldo ang posisyon na $119,702 kada taon. Ang kandidatong ihahalal sa eleksyong ito ay magsisilbi hanggang sa umpisa ng susunod na termino sa Disyembre 2022. Muling makikita ang labanang ito sa Hunyo 2022 na balota para sa susunod na buong termino.

Impormasyon Tungkol sa Kandidato

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Magsisimula sa pahina 11 ng pamplet na ito ang lahat ng naisumite sa takdang panahon na mga pahayag ng mga kuwalipikasyon, at gastos ng kandidato ang pagpapalimbag.

Hindi sinisiyasat ng Direktor ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) o ng anuman o sinumang iba pang ahensiya, opisyal, o empleyado ng Lungsod ang mga pahayag para sa kawastuhan ng impormasyon sa alinmang pahayag ng kuwalipikasyon ng mga kandidato na makikita sa Ingles na bersiyon ng pamplet na ito. Ang pagsasalin sa Filipino ay pareho hangga't maaari sa pinagmulang nilalaman na Ingles.

Para sa kompletong listahan ng mga kandidato na mayroon at walang nasabing pahayag, sumangguni sa Ingles na bersiyon ng Voter Information Pamphlet (Pamplet ng Impormasyon para sa Botante) at sa Halimbawang Balota na ipinadala sa inyo.

Kinakatigang Partido at Mga Pag-Endoso ng Partido

Ang kinakatigan na rehistradong politikal na partido, kung mayroon man, ng sinumang kandidato na tumatakbo para sa katungkulang nominado ng botante, tulad ng Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17, ay ipinapakita sa tabi ng pangalan ng bawat kandidato sa balota. Pinapayagan din ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endoso ng mga kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante, at kasama na rito ang Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17. Para sa eleksyong ito, walang naisumite na pag-endoso ng partido sa Department of Elections.

Mga Limit sa Boluntaryong Gastos

Ipinag-uutos ng California Government Code (Kodigo ng Gobyerno ng California, CAGC) §85600, na ilathala ng Departament of Elections ang pangalan ng mga kandidato para sa Senado at Asembleya ng Estado na kusang pumayag na sumunod sa mga limitasyon sa paggastos na itinataguyod ng CAGC §85400. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod na kandidato ay sina:

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17
David Campos
Matt Haney

Pagmamarka sa Inyong Balota

Paalala: Kung nagkamali kayo sa pagmamarka ng inyong balota, maaari kayong humiling ng kapalit nito sa pamamagitan ng pagbisita sa sfelections.org/voterportal, pagtawag sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa (415) 554-4310, o pagtatanong sa kawani sa lugar ng botohan o sa kinatawan ng Voting Center (Sentro ng Botohan).

Sundin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Suriin ang mga instruksiyon na naka-imprenta sa balota.
2. Upang matiyak na mababasa at mabibilang ang inyong piniling iboto, gumamit ng panulat na may matingkad na tinta o lapis.
3. Huwag magsulat ng personal na impormasyon, tulad ng inyong pangalan o mga inisyal saanman sa inyong balota.
4. Punan ang oval na nasa tabi ng inyong pinili para sa labanan.

Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

DAVID CAMPOS

Ang aking trabaho ay Abugado para sa mga Karapatang Sibil.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Para sa tunay na pagbabago, kailangan nating palitan ang paraan ng paghahalal ng ating mga lider. Iyan ang dahilan kung bakit walang korporasyon sa aming kampanya – sa gayon, malaya kaming:

- Itaas ang minimum wage o pinakamababa na pinahihintulutang sahod tungo sa sahod na sapat para mabuhay.
- Gawing abot-kaya ang pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng Medicare for All.
- Tiyakin na ginagawa ng buong estado ang bahagi nito ukol sa kawalan ng tahanan.
- Magtayo ng abot-kayang tahanan, hindi lamang magagara at matatayog na gusali.
- Pagbayarin ang mga bilyonaryo ng kanilang makatwirang bahagi ng gastos – upang mas kaunti ang kinakailangang bayaran ng nagtatrabahong mga pamilya.
- Babaan ang singil sa mga pampublikong serbisyo na tulad ng koryente, tubig at gas, at lumikha ng mga trabaho para sa panggitnang uri, sa pamamagitan ng Green New Deal.
- Palaguhin ang ating ekonomiya sa makatarungang paraan, at itaguyod ang lokal na maliliit na negosyo.
- Pababain ang bilang ng krimen sa pamamagitan ng pagpapababa rin ng bilang ng nakararanas ng kahirapan at paggamot sa kalusugan ng isip at pang-aabuso sa droga at iba pang sangkap.

Dumating ako sa bansang ito bilang Dreamer, sa pamamagitan ng pagtawid sa border habang pasan-pasan sa likod ang aking kapatid na babae. Nakakuha ako ng mga iskolarship sa Standford at Harvard Law. Naging bukas ako ukol sa aking pagkatao sa aking pamilya. Bilang Superbisor, naipanalo ko ang mahahalagang labanan upang makapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan para sa lahat at mailigtas ang St Luke's Hospital. Nakipaglaban ako para sa pantay na sahod para sa kababaihan, pagtatayo ng abot-kayang pabahay, pagpasa sa mas matitibay na proteksiyon laban sa pagpapaalis sa tahanan, at nakipaglaban para sa makatarungang sahod para sa mga manggagawa.

Nakipaglaban ako upang matalo si Donald Trump, maprotektahan ang karapatan ng kababaihang magpasya para sa sarili, at mapagbayad ang pinakamayayamang korporasyon ng kanilang makatarungang bahagi, at sa gayon, mabigyan natin ng pabahay ang mga walang tahanan.

Pakisamahan ang/sina:

Mga guro sa klasrum ng San Francisco - United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)
Mga frontline (nagtatrabaho sa mahahalagang industriya) na tagapag-alaga - Ang California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California) at ang National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)
Mga frontline na nagtatrabaho sa hospitality (hotel, restawran, turismo, at iba pa) - UNITE HERE! Lokal 2
TWU Lokal 250A

Ang Sierra Club
Ang Bay Area Reporter
Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ)
San Francisco Latinx Democratic Club (Samahan ng mga Demokratikong Latinx sa San Francisco)
Rose Pak Democratic Club (Demokratikong Samahang Rose Pak)

Dolores Huerta
Dating Senador ng Estado Mark Leno
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
Dating Superbisor Sophie Maxwell
Direktor ng BART Bevan Dufty
Superbisor Connie Chan
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Hillary Ronen

At hanapin ang etiketang "Corporate-Free (Walang Korporasyon)" sa mga materyales ng kampanya – kami lamang ang kampanya kung saan walang korporasyon!

www.CamposforUs.com.

David Campos

MATT HANEY

Ang aking trabaho ay Superbisor, Lungsod at County ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
Bilang Superbisor ng San Francisco, abugado para sa pagtatanggol ng mga karapatan ng mga nangungupahan, at edukador, nakapaghatid na ako ng progresibo at praktikal na mga solusyon sa pinakamahihirap na hamon sa San Francisco.

Naipaglaban ko na ang ginagarantiyahang pangangalaga sa kalusugan ng isip para sa lahat, mga banyong magagamit nang 24 oras, 5,000+ bagong unit na pabahay sa aking distrito, at bilang Tagapangulo ng Komite ng Badyet at Pinansiya, natiyak ko na ang higit sa anumang panahon na pamumuhunan sa pabahay, pampublikong kaligtasan, at ayuda para sa maliliit na negosyo.

Nang maganap ang pandemya, naging awtor ako ng lehislasyon upang mabigyan ng pabahay ang 2,000+ katao na nakararanas ng kawalan ng tahanan, nagtrabaho nang may shifts o takdang panahon sa COVID shelter hotel sa panahon na may kakulangan sa kawani, at naghatid ng mga lugar para sa maramihang pagpapabakuna sa kabuuan ng lungsod.

Tumatakbo ako para sa Asembleya ng Estado dahil kailangan natin ng mapangahas at epektibong pamumuno upang makapagtayo ng abot-kayang halaga ng pabahay, maalis sa lansangan ang mga walang tahanan, at maharap ang krisis na dulot ng pagbabago ng klima.

Mga Prayoridad:

- Magtayo ng 100,000 bagong unit ng pabahay sa San Francisco sa loob ng 10 taon upang magawang abot-kaya ng lahat ang pabahay.
- Palawakin ang supportive housing (pabahay na nagbibigay ng suporta) at pangangalaga sa kalusugan ng isip, at nang magkaroon ng malaking pagbabawas sa paninirahan sa kalye dahil sa kawalan ng tahanan.
- Harapin ang pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pamumuhunan sa enerhiyang renewable (napananatili) at transportasyong naipagpapatuloy.
- Pagbayarin ng kanilang makatarungang bahagi ang malalaking korporasyon at CEO na kumita ng bilyon-bilyon sa panahon ng pandemya.
- Protektahan ang mga karapatan ng LGBTQ+, karapatang sibil, at karapatan ng kababaihan.
- Suportahan ang community policing (pagpapatakbo ng pulisya nang may pakikipagtulungan sa komunidad), patigilin ang mga krimen na bunga ng anti-Asian hate (pagkasuklam sa mga Asyano), at tanggalin ang mga baril at fentanyl mula sa ating mga kalye, nang may epektibong mga kinahihinatnan.

Inendoso ng dose-dosenang lider at organisasyon, kasama na sina/ang:

- Attorney General (Pangkalahatang Abugado) Rob Bonta
- Superintendente ng Pampublikong Instruksiyon ng Estado Tony Thurmond
- California Professional Firefighters (Mga Propesyonal na Bumbero ng California)
- California Environmental Voters (Mga Botante ng California para sa Kapaligiran)
- California Nurses Association
- California School Employees Association (Asosasyon ng mga Empleyado ng mga Paaralan ng California)
- California Faculty Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
- California Pediatricians' Association (Asosasyon ng mga Pediatrician ng California)
- California Legislative Jewish Caucus (Pulong ng mga Hudyo para sa Lehislasyon ng California)
- SEIU California
- SEIU United Health Care Workers (Nagkakaisang mga Kawani sa Pangangalaga ng Kalusugan ng SEIU)
- Chinese American Democratic Club (Demokratikong Samahan ng mga Tsino Amerikano)
- TL Chinese Rights Association (Asosasyon para sa mga Karapatan ng Tsino sa TL)
- San Francisco Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco)
- Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Shamann Walton
- Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko) Honey Mahogany
- Miyembro ng Lupon ng BART Lateefah Simon
- Presidente ng Small Business Commission (Komisyon para sa Maliliit na Negosyo) Sharky Laguana
- Sheriff Paul Miyamoto
- Komisyoner ng Pulisya Larry Yee
- Komisyoner ng Pulisya Cindy Elias
- Tagapangulo ng Asian Pacific Islander Caucus (Pulong ng mga Asyanong taga-Isla Pasipiko) Senador Dr. Richard Pan
- Tagapangulo ng Progressive Caucus (Pulong ng mga Progresibo) Miyembro ng Asembleya Ash Kalra
- Tagapangulo ng Housing Committee (Komite sa Pabahay) Miyembro ng Asembleya Buffy Wicks

MattHaney.com

Matt Haney

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Nakalimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pampederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa *sfelections.org* o tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco:
ccsf.edu/esl

Civic Center Campus
1170 Market Street.....(415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus
808 Kearny Street..... (415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus
88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus
1400 Evans Avenue .....(415) 550-4440

John Adams Campus
1860 Hayes Street ..... (415) 561-1835 o (415) 561-1836

Mission Campus
1125 Valencia Street..... (415) 920-6000 o (415) 920-6067

Ocean Campus
50 Frida Kahlo Way ..... (415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus
1800 Oakdale Avenue .....(415) 550-4344

Accessible na Pagboto at mga Serbisyo

Nagbibigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng iba't ibang accessible na programa at mga serbisyo upang makatulong sa mga botante na bumoto nang pribado at independiyente.

Accessible na mga Materyales para sa Eleksyon

Makukuha ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (VIP) sa mga sumusunod na accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa format na PDF, HTML, at XML.
- Large print (malaki ang pagkakaimprenta).

Para humiling ng accessible na format ng VIP, tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Accessible na Sistemang Vote-By-Mail

Nagpapahintulot ang Accessible na Sistemang Vote-by-Mail (AVBM) sa sinumang botante na markahan ang online na balotang nababasa sa screen. Akma rin ito sa mga personal na aparatong may teknolohiyang nakatutulong, tulad ng head-pointer at sip-and-puff. Upang ma-access ang Sistemang AVBM, bumisita sa *sfelections.org/access*. Bukas ang sistemang AVBM mula Marso 21, 2022 hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Abril 19, 2022.

Para sa mga dahilan na panseguridad, hindi nag-iimbak o nagpapadala ng mga boto ang sistemang AVBM sa internet. Pagkatapos markahan ang AVBM na balota, kailangang i-print at ibalik ng botante ang balota nang personal o sa pamamagitan ng koreo.

Ballot-Marking Devices (Mga Aparatong Pang-Marka ng Balota)

Mayroong mga accessible na ballot-marking device ang lahat ng lokasyon kung saan maaaring bumoto nang personal. Dahil hindi nagbibilang ng boto ang ballot-marking device, kailangang i-print ng botante ang papel na balota at i-scan ito gamit ang parehong makina na ginagamit upang i-scan ang mga regular na papel na balota.

Pinahihintulutan ng accessible na ballot-marking device ang sinumang botante na tingnan o masagutan ang iba't ibang bahagi at markahan ang kanyang balota gamit ang alinmang kombinasyon ng mga sumusunod na accessible na katangian:

- Mga opsiyon sa format na touchscreen, audio, o touchscreen/audio ng mga balota.
- Mga keypad na audio-tactile ang interface at may nakaumbok na Braille.
- Mga opsiyon para baguhin ang wika, laki ng letra, bilis ng audio, lakas ng tunog, at kulay.
- Mga instruksiyon na audio sa wikang Ingles, Cantonese, Mandarin, Espanyol, at Filipino.
- Mga privacy screen para sa mga touchscreen at headphone na natatanggal ang suklob.
- Akma sa sip-and-puff, paddle, head-pointer at iba pang aparato.
- Audio o biswal na pagsusuri sa mga pinagpilian sa pagboto sa lahat ng labanan.

Personal na Tulong at mga Opsiyon sa Pagpapadala ng Balota

Maaaring humiling ang sinumang botante ng hanggang sa dalawang tao (maliban sa tagapag-empleyo ng botante, ahente ng tagapag-empeleyo ng botante, o opisyal o ahente ng unyon na miyembro ang botante) na tulungan siya sa pagmamarka ng kanyang balota.

Maaari ding magtanong ang botante sa mga manggagawa sa lugar ng botohan para sa mga nabanggit na tulong. **Hindi dapat manghimasok sa proseso ng pagboto o gumawa ng desisyon para sa botante ang sinumang tumutulong sa botante sa pagmamarka ng kanyang balota.**

Maaaring humiling ang sinumang botante na bumoto sa "gilid ng daan" sa kahit saanmang lugar ng botohan na maaaring bumoto nang personal sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310 o pakikiusap sa kasama na pumasok sa loob ng botohan upang humiling na ipadala sa botante sa labas ang mga materyales sa pagboto.

Simula Abril 13, ang sinumang botante na hindi kayang makalabas dahil sa sakit, kapansanan, o pagkapiit, kasama na ang sinumang botante na sumasailalim sa kuwarentenas na may kaugnayan sa COVID-19, ay maaaring mag-awtorisa ng ibang tao, pati na ng kawani ng Departamento ng mga Eleksyon, para kumuha at maghatid ng pang-emergency na balota na vote-by-mail para sa kanya. Upang humiling na mapadalhan ng pang-emergency na balota sa huling linggo ng panahon ng pagboto, kompletuhin ang form sa *sfelections.org/ballotservices*, o tumawag sa (415) 554-4310.

Iba pang Makukuhang Tulong para sa Accessible na Pagboto

Ang lahat ng lokasyon ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal ay mayroong mga accessible na kagamitan sa pagboto, kasama na ang mga lente at panulat na madaling hawakan para sa pagpirma ng listahan at pagmamarka ng balota. Ang lahat ng lokasyon ng botohan ay mayroon ding mga pasukan na accessible sa wheelchair, pati na rin ng mga booth ng botohan na accessible sa wheelchair at maaaring maupuan, at lahat ng ito ay markado ng pan-daigdigang simbolo para sa pag-access.

Disability Rights California

California's protection & advocacy system

Nahihirapan ba Kayong Bumoto dahil sa Kapansanan?

TUMAWAG SA: 1-888-569-7955

Ang **Disability Rights California** ay nangangasiwa ng **Voting Hotline** (matatawagang numero):

7:00 AM hanggang 8:00 PM sa Abril 19, 2022

para sa Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon ng Asembleya ng Estado Distrito 17.

Tumatanggap rin kami ng mga tawag bago sa, at pagkatapos ng eleksyon.

Layunin namin ang tumulong sa mga botanteng may kapansanan na magkaroon ng matagumpay na ekspiryensya sa pagboto, at tukuyin ang mga isyu na maaari naming tugunan.

Mga Madalas Itanong ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Abril 19 Espesyal na Eleksyon

Ilan ang labanan na nasa balota para sa Abril 19 na eleksyon? Tanging ang labanan para sa Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 lamang ang labanan na nasa balota sa Abril 19 na eleksyon.

Sa eleksyon na gaganapin sa Abril 19, 2022, ang mga botanteng nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ay pipili sa pagitan ng dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto noong Pebrero 15, 2022 na primaryang eleksyon, kung saan walang kandidato ang nakatanggap ng boto ng mayorya (50%+1).

Sino ang kuwalipikadong makilahok sa Abril 19, 2022 na eleksyon? Ang mga botante na nakatira lamang sa Distrito 17 ng Asembleya ang elihibleng makilahok sa Abril 19 na eleksyon, kung saan ihahalal ang kanilang kinatawan sa Asembleya ng Estado ng California.

Paano ko mahahanap ang aking pagbobotohang distrito? Ang address ng inyong tirahan ang tutukoy sa inyong distrito. Ang mga botante lamang na nakatira sa mga hangganan ng partikular na distrito ang maaaring bumoto sa mga kandidato at labanan sa loob ng distritong iyon. Maaari ninyong mahanap ang inyong pagbobotohang distrito sa *sfelections.org/voterportal* o sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

Matatanggap ko ba ang aking balota sa koreo? Para sa Abril 19 na eleksyon, awtomatikong makatatanggap ng paketeng vote-by-mail bandang Marso 19 ang lahat ng rehistradong botante ng Distrito 17 ng Asembleya ng Estado. Maaaring pumili ang sinumang elihibleng botante na bumoto gamit ang balota na matatanggap nila sa koreo o bumoto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

Paano kung hindi dumating sa koreo ang aking balota? Maaari ninyong masubaybayan kung nasaan na ang inyong balota sa proseso ng pagpapadala sa koreo sa *sfelections.org/voterportal*. Kung nakalipas na ang tatlong araw mula nang ipadala ang inyong balota, maaari kayong humiling ng pamalit na balota sa *sfelections.org/voterportal* o sa pamamagitan ng pagtawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310.

Paano ako makakukuha ng pamalit na vote-by-mail na balota? Upang humiling ng pamalit na balota bago sumapit ang Abril 13, pumunta sa *sfelections.org/voterportal* o tumawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310. Matapos ang petsang iyon, makipag-ugnayan sa Departamento sa lalong madaling panahon para mapag-usapan ang inyong mga opsiyon.

Maaari ko bang gamitin ang Nagagamit ng Lahat na sistemang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, AVBM) para makuha ang aking balota? Para sa eleksyon na gaganapin sa Abril 19, maaaring makuha at markahan ng sinumang rehistradong botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ang kanilang balota sa *sfelections.org/access*. Kailangang i-print at ibalik nang personal o sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang AVBM.

Paano ko masusubaybayan ang aking balotang vote-by-mail? Maaari ninyong masubaybayan sa *sfelections.org/voterportal* ang inyong balotang vote-by-mail mula sa pagbubuo nito hanggang sa pagpapadala, beripikasyon, at pagbilang. O mag-sign up sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* para makatanggap ng mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa inyong balota. Maaari din kayong tumawag o magpadala ng email sa Department of Elections.

Mga Madalas Itanong (FAQs) tungkol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail

Maaari ko bang ibalik ang aking balota sa pamamagitan ng koreo sa mismong Araw ng Eleksyon? Para mabilang ang inyong balota, kailangan malagyan ng postmark ang pambalik na sobre ng balota hanggang sa Araw ng Eleksyon, na Abril 19. Kung ipadadala ninyo sa koreo ang inyong pambalik na sobre ng balota matapos mangyari ang huling oras ng pagkolekta sa koreo sa Araw ng Eleksyon, huli nang malalagyan ng postmark ang inyong balota para ito'y mabilang. Alamin ang mga lokasyon ng USPS box at mga oras ng pagkolekta sa *usps.com/locator*.

Paano ko pipirmahan ang pambalik na sobre ng aking balota? Lagdaan ang inyong sobre gamit ang huling pirma na ginamit sa inyong aplikasyon sa pagpaparehistro bilang botante. Kung nagbago na ang inyong pangalan at pirma, mangyaring muling magparehistro sa *registertovote.ca.gov*. Kung hindi ninyo pinirmahan ang inyong pambalik na sobre para sa balota, o hindi nagtugma ang inyong pirma sa sobre sa alinmang pirma sa inyong rekord bilang botante, susubukan ng Departamento na makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng koreo at kailangan ninyong ayusin ang problema bago mabilang ang inyong balota.

Saan ko maaaring ihulog ang aking vote-by-mail na balota? Mula Marso 21 hanggang Abril 19, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Voting Center sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, Abril 19, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Voting Center sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan sa Lungsod nang hindi lalagpas sa 8 p.m. Para mahanap ang lokasyon ng kahon na hulugan ng balota na malapit sa inyo, pumunta sa *sfelections.org/ballotdropoff* o tumawag sa (415) 554-4310.

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal

Maaari ba akong bumoto nang maaga at nang personal sa Abril 19 na eleksyon?
Bukas ang Voting Center sa City Hall sa mga sumusunod na oras:

- Lunes hanggang Biyernes, Marso 21–Abril 18, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.;
- Huling dalawang Sabado at Linggo, Abril 9–10 at Abril 16–17, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.; at
- Araw ng Eleksyon, Abril 19, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. (pareho sa oras ng pagboto sa mga lugar ng botohan).

Maaari ba akong bumoto sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco? Magkakaroon ng humigit-kumulang 180 lugar ng botohan na bukas para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balotang vote-by-mail sa Araw ng Eleksyon, Abril 19, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Hinihikayat namin ang lahat na bumoto sa inyong nakatalagang lugar ng botohan. Kung boboto kayo sa ibang lugar ng botohan, hindi ninyo makikita ang inyong pangalan sa listahan ng mga botante at hihilingin sa inyo na bumoto gamit ang probisyonal na balota.

Ano-anong uri ng tulong at impormasyon na nasa iba't ibang wika ang makukuha sa mga lugar ng botohan kung saan puwedeng bumoto nang personal? Parehong mag-aalok ang Voting Center sa City Hall at ang lahat ng lugar ng botohan sa San Francisco ng bilingual (nasa dalawang wika) na balota na nasa Ingles, at Tsino, Espanyol, o Filipino. Dagdag pa rito, mag-aalok din ang ilan sa mga lugar ng botohan ng balotang facsimile (sanggunian) sa wikang Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese. Magbibigay din ng tulong sa iba't ibang wika ang mga bilingual (dalawa ang sinasalitang wika) na kawani sa karamihan ng mga lugar ng botohan sa komunidad.

Ano-anong tulong at impormasyon sa may kapansanan ang makukuha sa mga lugar kung saan puwedeng bumoto nang personal? Mag-aalok ng serbisyo sa curbside voting (pagboto sa gilid ng daan), kagamitang pantulong sa may kapansanan sa pagboto, mga kasangkapan, at personal na tulong ang lahat ng lugar ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal. Maaaring pakiusapan ng sinumang botante ang isa o dalawang tao na tulungan siyang markahan ang kanyang balota, basta't hindi tagapag-empleyo ng botante o kinatawan ng unyon ang tutulong, at hindi magtatangkang impluwensiyahan ang botante.

Maaari ko bang dalhin ang aking Sample Ballot (Halimbawang Balota) o sariling listahan sa booth ng botohan? Opo. Makatutulong kung nakapagpasya na kayo bago pa kayo pumunta sa botohan kung sino o ano ang iboboto ninyo. Maaari ninyong gamitin ang Sample Ballot na nasa loob ng pamplet na ito upang makapag-ensayo sa pagmamarka sa inyong pinili bago ninyo markahan ang inyong opisyal na balota.

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro

Sino ang kuwalipikadong magparehistro at bumoto sa California? Upang makaboto sa mga eleksyon sa California, kinakailangang kayo ay: 1) mamamayan ng Estados Unidos; 2) residente ng California; 3) hindi bababa sa 18 taong gulang ang edad sa Araw ng Eleksyon; 4) hindi napatunayan ng korte na may pagkukulang sa isip upang makaboto; at 5) hindi kasalukuyang nagsisilbi ng pang-estado o pampederal na sentensiya sa kulungan nang dahil sa hatol sa matinding kaso ng paglabag sa batas.

Pakitandaan na inamyendahan ng pagkakapasa sa Proposisyon 17 noong Nobyembre 2020 na eleksyon ang Konstitusyon ng estado, at nang mapahintulutan ang mga karapat-dapat na residente na naka-parole (paglaya na may kondisyon) na makapagparehistro upang makaboto.

Maaaring magparehistro at bumoto para sa eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ang mga hindi mamamayang residente ng San Francisco kung sila ay magulang, legal na tagapatnubay, o tagapangalaga ng batang nakatira sa San Francisco at mas mababa sa 19 taong gulang ang edad ng isa sa mga bata sa Araw ng Eleksyon. Ang susunod na nakatakdang eleksyon para sa Board of Education ay gaganapin sa Nobyembre 8, 2022.

Kailan ang deadline para magparehistro upang makaboto o para baguhin ang impormasyon sa aking rehistrasyon? Sa Abril 4, 2022 ang deadline para magparehistro sa pamamagitan ng koreo o online para sa Abril 19, 2022 na eleksyon. Kung hindi umabot ang isang elihibleng residente sa Abril 4 na deadline, maaari pa rin silang magparehistro at bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall tuwing oras ng botohan o sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California bago ako maging 18 taong gulang? Kung 16 o 17 na taong gulang na kayo at natutugunan ang iba pang pangangailangan ng estado sa pagpaparehistro ng botante, maaari kayong magpaunang rehistro upang makaboto at magiging aktibo ang inyong rehistrasyon pagsapit ng inyong ika-18 na kaarawan.

Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California kung bago pa lang akong naging mamamayan? Kung naging mamamayan kayo ng U.S. matapos ang regular na deadline ng rehistrasyon, maaari kayong magparehistro at bumoto nang personal sa Voting Center sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Maaari ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako ng tirahan sa lungsod? Kung lumipat kayo sa loob ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa *registertovote.ca.gov* o baguhin ang inyong address sa *sfelections.org/voterportal* o sa lugar ng botohan kung saan makaboboto kayo nang personal.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa loob ng California? Kung lumipat kayo sa bagong address sa California na nasa labas ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa *registertovote.ca.gov* o makipag-ugnayan sa opisyal ng mga eleksyon ng bago ninyong county.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa ibang estado? Kung lumipat na kayo sa ibang estado, maaari kayong magparehistro sa inyong lokal na opisyal ng mga eleksyon. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para kanselahin ang inyong rehistrasyon sa San Francisco.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung kasalukuyan akong nakatira sa ibang bansa? Kung pansamantala kayong naninirahan sa ibang bansa, maaari kayong muling magparehistro sa *registertovote.ca.gov* o sa *fvap.gov* at humiling ng balota na ipapadala sa pamamagitan ng koreo, fax, o email.

Kung mayroon kayong mga tanong kung maaari ba kayong makaboto, mangyaring makipag-ugnayan sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa (415) 554-4310 o mag-email sa SFVote@sfgov.org.

City and County of San Francisco

Muling Pagdidistrito ng San Francisco

Bawat sampung taon, muling iginuguhit ang mga hangganan ng mga Superbisoryal na distrito ng San Francisco upang matiyak na may pantay na bilang ng mga residente ang bawat distrito. Hinihimok ang mga miyembro ng publiko na makilahok sa proseso ng muling pagdidistrito.

Paano Makikilahok:

- Dumalo sa alinmang pagpupulong na isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco - bukod sa pagbibigay ng pangkalahatang mungkahi ukol sa kung saan dapat iguguhit ang linya ng mga distrito, malugod na inaanyayahan ang sinuman na gumawa ng komento sa mga iminumungkahing mapa o mag-sumite ng mungkahing mga mapa. Upang makita ang talakdaan ng mga pagpupulong, pumunta sa ***sfelections.org/rdtf***
- Mag-sumite ng mga komento sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa ***rdtf@sfgov.org*** o pagtawag sa (415) 554-4445
- Sumali sa email list para makakuha ng mga update na inilalathala ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito. Para magpalista, pumunta sa ***sfelections.org/rdtf***
- Sundan ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa Facebook at Twitter: @RedistrictSF

Tandaan!

Maaaring makilahok ang sinuman sa pamamagitan ng pagbibigay ng pampublikong komento nang personal, sa pamamagitan ng email, o personal na paghahatid! Para makita ang mga iminumungkahing mga mapa at iba pang komunikasyon na may kinalaman sa muling pagdidistrito, pumunta sa ***sfelections.org/rdtf***

SF is OPEN

SF ya está abierto • 三藩市現已開放 • Bukas ang SF

San Francisco celebrates a safer reopening! Protect yourself, your family, and your community by following these prevention measures:

¡San Francisco está celebrando una reapertura segura! Siga estas medidas de prevención para protegerse y proteger a su familia y a su comunidad:

三藩市慶祝安全重開! 採取以下防護措施, 保護自己, 家人及社區

Ipinagdiriwang ng San Francisco ang isang mas ligtas na muling pagbubukas! Protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang iyong pamayanan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa pag-iwas:

Get vaccinated
Vacúnese
接種疫苗
Magpabakuna

Stay home if sick, and talk to your doctor
Quédese en casa si está enfermo y consulte a su médico
如果身體不適, 請留在家中並諮詢您的醫生
Manatili sa bahay kung may sakit, at kausapin ang iyong doktor

Maximize fresh air
Aumente al máximo el flujo de aire fresco
保持大量新鮮空氣
Padaluyin ang sariwang hangin

Wear a mask for added protection and clean your hands.
Póngase un cubrebocas para obtener protección adicional y lávese las manos.
佩戴口罩加強保護及清潔雙手。
Magsuot ng mask para sa karagdagang proteksyon at hugasan ang iyong mga kamay.

City and County of San Francisco

#VaccinateSF #StayStrongSF #ShopDine49

Volunteer!
Be a Poll Worker!



The Department of Elections is currently recruiting poll workers to serve at the City's polling places on Election Day.

These civic-minded adults and high school students have a shared mission to protect voter rights, serve voters with respect, and assist all voters with casting their vote.

For their service, poll workers earn up to $240!

To view qualifications and apply to be a poll worker, go to ***sfelections.org/pwa*** or call (415) 554-4395.

Bilingual speakers are especially needed.

Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod

Sinimulang gamitin ng mga botante ng San Francisco ang kasalukuyang sistema ng pagboto noong 2019. Maaaring makatulong ang mga sumusunod na impormasyon para sa mga botanteng gagamit ng sistemang ito sa unang pagkakataon:

1. Upang markahan ang mga balota, pupunan ng mga botante ang mga oval sa tabi ng kanilang mga napili.

2. Magkakaroon ng mga ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota) at accessible na ballot-marking device (aparatong pang-marka ng balota) ang lahat ng lugar ng botohan. Ilan sa mga katangian ng aparatong pang-marka ng balota ay:

- Audio at touchscreen na format ng mga balota (mayroong headphones at keypad na may nakaumbok na braille)
- Akma sa mga aparatong nakatutulong tulad ng mga sip-and-puff (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga) at head pointer (aparatong pangpindot na nakalagay sa ulo)
- Seguridad sa lihim na balota at bilangan ng boto. Hindi nag-iimbak ng mga pinagpilian ng mga botante ang mga ballot-marking device; pagkatapos markahan ang balota, kailangang i-print ng mga botante ang kanilang balota at i-scan ito gamit ang ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota).

3. Bago ang bawat eleksyon, sinusuri ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng kagamitan sa pagboto ng Lungsod upang matiyak na ang mga kagamitang ito ay gumagana at nagbibigay ng mga lohikal at tiyak na mga resulta. Bukas sa pampublikong obserbasyon ang pagsusuring ito; sa personal o sa pamamagitan ng livestream sa *sfelections.org/observe*.

4. Walang anumang bahagi ng sistema ng pagboto ng Lungsod ang kumokonekta sa internet o tumatanggap o nagpapadala ng datos sa pamamagitan ng anumang panlabas na network ng komunikasyon. Sa pagsisikap na makapagbigay ng lubusang transparency (pagiging bukas sa pagsisiyasat), ipinopost ng Departamento ng mga Eleksyon sa website nito ang mga imahe ng mga binotohang balota, kabilang na ang impormasyon kung paano binasa at binilang ang mga marka sa bawat balota.

Panatilihing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante!

Mahalagang suriin ninyo ang impormasyon sa inyong rehistrasyon bilang botante bago ang bawat eleksyon. Kung naglalaman ang inyong rekord ng hindi napapanahong impormasyon tulad ng maling address na pang-koreo, maaaring hindi ninyo matanggap ang mga pang-eleksyong materyales, kasama na ang inyong balotang vote-by-mail. Maaari ninyong suriin ang impormasyon sa inyong rehistrasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa *voterstatus.sos.ca.gov* o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

Para i-update ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon, (muling) magparehistro sa *registertovote.ca.gov*, o makipag-ugnayan sa Departamento upang humiling ng papel na form ng rehistrasyon.

Sa Abril 4, 2022 ang deadline sa (muling) pagpaparehistro online o sa pamamagitan ng koreo para sa Abril 19, 2022 na eleksyon. Matapos ang nasabing petsa, kailangan ninyong i-update nang personal ang inyong impormasyon sa sentro ng botohan o lugar ng botohan.

Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante

Ginagamit ng opisyal ng eleksyon ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon upang mapadalhan kayo ng mga opisyal na mga pang-eleksyong materyales. Ipinagbabawal ng batas at isang misdemeanor ang komersiyal na paggamit ng impormasyong nasa rehistrasyon ng botante. Maaaring ibigay ang impormasyon tungkol sa botante, kapag ito'y hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, politikal, o mga layunin ng pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Ang ilang impormasyon tulad ng lisensya sa pagmamaneho, mga numero ng social security at mga pirma sa rekord ay hindi maaaring maisiwalat para sa mga layuning ito. Kung kayo'y mayroong anumang katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung nais ninyong magreport ng pinaghihinalaang maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado, walang bayad sa: (800) 345-VOTE (8683).

Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Ang Safe at Home Program ay kumpidensyal na programa na pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ng California. Maaaring maging kuwalipikado ang ilang botante, na humaharap sa mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay, para sa status na kumpidensyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Safe at Home program ng Kalihim ng Estado sa walang bayad (877) 322-5227, o bumisita sa *sos.ca.gov*.

May mga Tanong ba Kayo?



Makakausap ang aming Voter Support team sa isang tawag o click lamang…

Makakausap ang mga operator ng telepono na nagsasalita ng iba't ibang wika, mula Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., at sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon, Abril 19, (Abril 9–10 at Abril 16–17), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m. Sa Araw ng Eleksyon, bukas ang aming mga linya mula 6:30 a.m. hanggang 8 p.m.

Maaari din ninyong ipadala anumang oras ang inyong mga katanungan sa pamamagitan ng koreo o email.

English: (415) 554-4375
Español: (415) 554-4366
中文: (415) 554-4367
Filipino: (415) 554-4310
TTY: (415) 554-4386

sfvote@sfgov.org

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

O subukang gamitin ang isa sa mga nakatutulong na kasangkapan para sa online na botante:

- Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon sa ***registertovote.ca.gov***
- Tingnan ang inyong rehistrasyon, humiling ng pamalit na balota, at iba pa sa ***sfelections.org/voterportal***
- Mag-sign up para sa mga email, text, o tawag na notipikasyon ukol sa pagsubaybay sa balota sa ***wheresmyballot.sos.ca.gov***
- Planuhin kung paano kayo boboto sa Abril 19 na eleksyon sa ***sfelections.org/myelectionnavigator***
- Hanapin ang lokasyon ng mga hulugan ng balota sa ***sfelections.org/ballotdropoff***
- Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan at i-check ang oras ng paghihintay sa ***sfelections.org/myvotinglocation***

DEPARTMENT OF ELECTIONS
City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4386
sfelections.org

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

Notice: If the person below is not at this address, please help keep the voter rolls current and save taxpayer dollars by returning this pamphlet to your mail carrier.

Address ng inyong botohan:

Address na Pang-koreo / Mailing Address:

Accessible ba ang pasukan at ang lugar ng botohan?

Mahalagang Paalala!



I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail.

Maaaring piliin ng sinumang rehistradong botante na nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ng Estado na bumoto sa balotang matatanggap nila sa koreo sa kalagitnaan ng Marso o bumoto nang personal sa Abril 19, 2022 na eleksyon.

Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon.

Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay kailangang mai-postmark bago o sa Araw ng Eleksyon, Abril 19. Nabayaran na ang selyo ng pambalik na sobre ng balota na kalakip ng inyong paketeng vote-by-mail.

Ang mga balotang ibabalik nang personal ay kailangang ihatid sa opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Sentro ng Botohan sa City Hall, o sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Abril 19.

Subaybayan ang inyong balota.

Bisitahin ang *sfelections.org/voterportal* para i-check kung ang inyong balota ay natanggap at nabilang. Maaari din kayong mag-sign up para sa mga notipikasyon sa email, text, o voice alert ukol sa pagsubaybay sa balota sa *wheresmyballot.sos.ca.gov*.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang loob ng pamplet na ito, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 o sa *sfvote@sfgov.org*, o bisitahin ang *sfelections.org*.